# Pagboto bilang Botanteng **Walang Kinakatigang Partido**

Official Information

## Iyong mga opsyon sa pagboto para sa Marso 5, 2024 na Pampanguluhang Primaryang Halalan

Gusto namin na ang lahat ng botante ng L.A. County ay may pagkakataong magmungkahi ng mga pampanguluhang kandidato sa parating na Marso 2024 na halalan. **Huwag maghintay. Magplanong bumoto ngayon.**

**Kung ikaw ay hindi isang nakarehistrong miyembro ng isang partidong pampulitika,** may ilang ekstrang hakbang na kailangan mong gawin kung gusto mong bumoto para sa isang Pampanguluhang kandidato sa Primaryang Halalan.

Bilang isang botanteng Walang Kinakatigang Partido, ang sumusunod na impormasyon ay tutulong sa iyo na iplano ang iyong boto para sa Primaryang Halalan, upang nasa iyo ang lahat ng kailangan mo upang ipasok ang iyong boto.

### Bakit mahalaga ang aking pagpaparehistro sa partidong pampulitika sa halalang ito?

Ang kinakatigang partidong pampulitika na pinili mo nang huli kang magparehistro para makaboto ang nagpapasya kung aling mga pampanguluhang kandidato ang matatagpuan sa iyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. *Halimbawa: kung ikaw ay nakarehistro sa Partidong Demokratiko, makikita mo ang mga Demokratikong Pampanguluhang kandidato; kung ikaw ay nakarehistro sa Partidong Republikano makikita mo ang mga Republikanong Pampanguluhang kandidato.*

### Ano ang Walang Kinakatigang Partido (NPP)?

Kung hindi ka pumili ng isang partidong pampulitika noong huli kang magparehistro para makaboto, ikaw ay itinututuring na botanteng Walang Kinakatigang Partido. Kung gusto mong bumoto para sa isang pampanguluhang kandidato sa Primarya, dapat kang humiling ng balota ng isang ispesipikong partido o magparehistro sa partidong iyon, depende sa mga ispesipikong tuntunin ng bawat partido.

### Kung ako ay isang botanteng Walang Kinakatigang Partido, makakaboto pa ba rin ako sa Pampanguluhang Primarya?

Oo, pero may mga ekstrang hakbang na kailangan mong gawin depende sa primaryang halalan ng partido na gusto mong bumoto.

### Ano ang aking mga opsyon bilang isang botanteng Walang Kinakatigang Partido?

**Opsyon 1: Humiling ng isang Crossover Ballot.**

Ang ilang partido ay nagpapahintulot sa mga botanteng Walang Kinakatigang Partido sa kanilang proseso ng pampanguluhang pagmungkahi. Kabilang sa mga ito ang mga partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko at Libertayan. Upang magawa ito, **dapat kang humiling ng isang crossover ballot ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.**

**Opsyon 2: Magparehistro sa isang Partido.**

Ang mga botanteng nais lumahok sa primarya ng mga partidong Luntian, Kapayapaan at Kalayaan, at Republikano ay dapat palitan ang kanilang pagpapaparehistro sa partidong gusto nila. **Isapanahon dito ang iyong pagpaparehistro bilang botante.**

**Opsyon 3: Balotang walang Pampanguluhang Kandidato.**

Kung hindi ka humiling ng isang crossover ballot o hindi mo isinapanahon ang iyong pagpaparehistro bilang botante, tatanggap ka ng di-partidistang balota na *walang mga pampanguluhang kandidato*. Lahat ng nakarehistrong botante sa LA County ay padadalhan sa koreo ng isang balota sa Primaryang Halalang ito sa unang bahagi ng Pebrero.

## Paano ko matitingnan ang aking kinakatigang partido?

Tingnan ang katayuan ng iyong pagpaparehistro bilang botante sa lalong madaling panahon upang makita ang partidong pampulitika kung saan ka nakarehistro sa LAVOTE.GOV/VRSTATUS.

## Paano ako makakaboto sa pamamagitan ng koreo? Paano kung gusto kong bumoto nang personal?

**Hanggang Pebrero 20**, sinumang botante ay maaaring magparehistro online para makaboto o punuan ang isang papel na registration form upang tumanggap ng isang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Simula sa Pebrero 24 hanggang Araw ng Halalan, Marso 5, maaari mong palitan ang iyong kinakatigang partido sa alinmang lokal na Sentro ng Pagboto.

## Maaari ko bang palitan ang aking kinakatigang partido upang makaboto para sa ibang pampanguluhang kandidato?

Oo, at kakailanganin mong muling magparehistro upang makaboto sa isang bagong partido. Tandaan, maaari kang bumoto sa ISANG partido lamang sa primaryang halalan.

Kailan ko mapapalitan ang aking kinakatigang partido para makaboto sa ibang pampanguluhang kandidato?

Ang mga botante ay maaaring magpalit ng kanilang kinakatigang partido kahit kailan. Ang huling araw upang palitan ang iyong kinakatigang partido para makatanggap ng isang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay **Pebrero 20, 2024**.



## Paano ako makakaboto sa mga primarya ng Amerikanong Independiyente, Demokratiko, o Libertaryan?

Upang ipatala ang iyong boto sa mga primarya ng isa sa mga partidong ito bilang isang botanteng Walang Kinakatigang Partido, dapat kang humiling ng isang crossover ballot bago lumampas ang Pebrero 27, 2024 upang tumanggap ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Humiing ng isang crossover ballot sa: LAVOTE.GOV/Crossover.

Kung ikaw ay boboto nang personal, makakahiling ka ng isang balota na may may mga pampanguluhang kandidato ng iyong piniling partido sa iyong check in sa iyong lokal na Sentro ng Pagboto.

## Paano ako makakaboto sa mga primarya ng Luntian, Kapayapaan at Kalayaan, o Republikano?

Upang ipatala ang iyong boto sa mga primarya ng mga partidong ito, dapat mong isapanahon ang iyong pagpaparehistro bilang botante at piliin ang partidong iyon bilang iyong kinakatigang partido bago lumampas ang **Pebrero 20, 2024** upang makatanggap ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.

Maaari kang muling magparehistro sa RegisterToVote.CA.GOV o tumawag sa walang-bayad ~~ng hotline~~ hotline (800) 815-2666, at piliin ang opsyon 1.

Kung ikaw ay boboto nang personal, maaari mong isapanahon ang iyong pagpaparehistro kapag nag-check in ka sa iyong lokal na Sentro ng Pagboto upang tumanggap ng isang balota na may mga pampanguluhang kandidato ng iyong piniling partido.

## Ano ang mangyayari kung hindi ako humiling ng isang crossover ballot o muling magparehistro sa isang partido?

Kung hindi ka humiling ng isang crossover ballot o hindi mo isinapanahon ang iyong pagpaparehistro bilang botante, tatanggap ka ng isang di-partidistang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na walang mga pampanguluhang kandidato.

**May mga karagdagang tanong? Kailangan ng tulong?**
**Pumunta sa LAVOTE.GOV para sa karagdagang impormasyon.**

Official Information